


# KABUUAN NG PROYEKTO

Ang Sound Transit ay nagpapalano ng bagong paradahan at iba pang mga pagpapabuti upang mas maraming tao ang magiginhawaan sa paggamit ng Sounder tren at serbisyong bus sa Auburn Station.

- Noong Nobyembre 2017, naitala ng Sound Transit Board ang lugar sa First Street Northwest at A Street Northwest bilang napipiling lugar para sa bagong paradahan na aabot hanggang 535 na espasyo para sa mga sasakay.
- Ang paglalakad, pagbibisikleta at pagsakay ng bus ay mga importanteng paraan para makarating sa Auburn Station. Pinaplano namin ang pagpapabuti ng interseksiyon sa W Main Street at B Street NW, ganundin sa mga bagong locker ng bisikleta sa estasyon at bagong silungan ng mga bus sa lugar.
- Ang Sound Transit ay gumagawa ng kontribusyon sa proyekto ng City of Auburn na “A Street Loop Project,” na kung saan ay maglalagay ng one way na koneksyon patungong Silangan o eastbound para sa mga sasakyan at isang koneksiyon para sa mga naglalakad sa pagitan ng A Street SW at southbound A Street SE.
- Ang proyektong ito ay magpapabuti sa paggamit ng publiko at makakatulong sa pagpapagaan ng trapiko dahil sa bagong paradahan.



# ANONG MAASAHAN KO HABANG NAGSASAGAWA NG KONSTRAKSYON?



Ang paggawa o construction ay inaasahang magsisimula sa unang bahagi ng 2022, at maaaring tumagal hanggang dalawa at kalahating taon. Ang mga kabahayan at iba pang mga nasa paligid ay makakaranas ng pansamantala at matinding ingay at pag-yanig, at pagbabago ng trapiko.

## **Potensyal na ingay at pagyanig**

- › Ang paggawa ay inaasahan na magaganap sa araw, Lunes hangang Biyernes.
- › Ang pagtatambak ay isang maaari o potensyal na paraan sa pagtatayo ng pundasyon ng paradahan. Hanggang 300 buntong ang inaasahang kakailanganin, na kung saan ay aabot ng 40 araw na pagtatrabaho (humigit kumulang dalawang buwan)
  - Ang mga residente at lugar sa kapaligiran na hanggang 500 talampakan mula sa lugar ay maaaring malantad sa matinding na lebel ng ingay (sobra sa 90 na decibel). Para sa kumparison, ang platform ng subway ay mga 95 decibels, at ang MP3 player na pinatutugtog sa pinakamalakas ng volume ay humigit kumulang 105 decibels.



Naitala na namin ang mga sumusunod na hakbang upang mabawasan ang potensyal na tindi ng ingay at pagyanig mula sa konstraksyon

- › **Ingay** – Kami ay magha -handa ng plano sa pagkontrol ng ingay at pag-yanig na kasama ang mga taktikang gaya ng:
  - Ilalayo ang mga kasangkapang nakapirme sa isang lugar sa mga sensitibong bagay na maaaring maapektuhan nito.
  - Paggamit ng mga sasakyang may broadband back-up alarma imbes na tonal alarma
  - Paglilimita sa pag idling ng motor ng sasakyang
- › **Pagpapaabot** – Kami ay bubuo ng plano sa pagpapaabot upang ang mga miyembro ng komunidad ay mananataling naabisuhan.
- › **Trapiko** – Kami ay maghahanda ng planong pamamahala sa trapiko. Ito ay para maiwasan ang potensyal na pagtindi ng trapikodahil sa mga karagdagang vehikulong pang konstraksuyon.

